**INTERNATIONAL NAPASA ( January 7th,2025 )**

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG NOBYEMBRE SA LOOB NG SIYUDAD

11月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Nobyembre ay nagkaroon ng kabuuang 24 na kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Tamura na may 3 kaso, at tag-2 kaso naman sa Yamashita at Higashi Nakahara. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 5 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw.

## 2)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa January 12 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na “***SUNSUN・MARCHE”*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 3)IMPORMASYON SA MGA PAGKONSULTA SA BATAS PARA SA MGA KABABAIHAN

女性のための法律相談のお知らせ

Sa January 27 (Monday) ay isasagawa ang **“Pagkonsulta sa batas para sa mga kababaihan”**. Makakahingi ng payo sa babaeng abogado na may kaugnayan sa mga karapatan, gastusin sa pagpapalaki ng bata at patina rin sa mga problema ng mag-asawa at iba pa. Ang oras sa umaga ay **9:30** at **10:20** at **11:10**, **12:50**, **1:40**, **2:30** at **3:30**. Sa mga taong gustong magpakonsulta ay itala ang①Pangalan ②Telephone Number ③ Nais na oras ng pagkonsulta. At ipadala sa pamamagitan ng **FAX** sa **No. 0463-21-9756.** Ang telepono para sa pagpapatala ay **0463-21-9861 (0463-21-9861) .**

## 4)REGULAR NA PAG-IINSPEKSIYON NG HEATED SWIMMING POOL SA SOGO KOEN

総合公園の温水プールの定期点検のお知らせ

Mula December 16 hanggang sa January 14, ang Heated Indoor Pool sa Gymnasium ng Sogo Koen sa Hiratsuka City ay sarado para sa regular na pag-iinspeksiyon. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***SOGO KOEN MANAGEMENT OFFICE (SOGO KOEN KANRI JIMUSHO)***. **Telephone Number 0463-35-2233 ( 0463-35-2233 ).**